# Nag-aalab na Pangako

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Bong Guerrero
Hunyo 08, 2024

Ang pangakong nag-aalab ay pundasyon sa matagumpay na ministeryo. Ang paglinang natin nito ay magbibigay ng lakas ng loob at tibay sa pagsulong sa mga pagsubok at maging maunlad.

Ang nag-aalab na damdamin ay nagbibigay ng labis-labis na sigasig sa isang bagay o pagkakaroon ng napakasidhing damdamin. Sa kabilang banda, ang pangako ay pagtupad sa sinabi tungkol sa isang bagay. Ang mga taong may marubdob na damdamin ay higit ang sigasig at kadalasan nagiging inspirasyon sila sa kapwa.



**A. Ang mga pagsubok sa buhay ay hindi dapat maging hadlang sa pagtupad sa mga pangako natin sa Panginoon.**

Ang pakiramdam nang natanggihan ay maaaring masakit. Likas na hindi gugustuhin ng tao ang taong napakasakit magbitiw ng salita at taong matindi ang poot sa kapwa. May mga pagkakataong makararanas tayo ng kabiguan ngunit ito ay bahagi lamang ng buhay. Lahat tayo ay makararanas ng kabiguan sa buhay.

Maging si Hesus ay tinanggihan. Naka-focus lamang si Hesus sa Kanyang katauhan. Tulad din natin, kailangan mag-focus tayo kung sino tayo. Anak tayo ng Diyos. Maaaring tanggihan at ayawan tayo, ngunit mahal tayo ng Diyos at hinding-hindi Niya tayo tatanggihan.

**B. Ang pangakong nag-aalab ay magiging daan upang mapagtagumpayan natin ang mga hadlang sa ating ministeryo.**

Huwag na huwag nating hayaan na pigilan ng mga bato o *humps* sa kalsada ang ating paglalakbay. Kung mayroon tayong pangakong nag-aalab, pipilitin nating maging pinakamahusay na tao.

Kung tayo ay nabigo at bumagsak, kailangan nating bumangon. Hindi pa tayo nabigo kung hindi pa tayo sumusuko. Ang pangakong nag-aalab ay nangangahulugang lagi-lagi at ito'y magpakailanman.




**Konklusyon:**
Maging masigasig tayo sa lahat nating gagawin! Samahan ng pagmamahal ang lahat nating ginagawa. Yakapin ang mga hamon na darating at pagtagumpayan ang mga pagsubok sa pamamagitan ng pagtuon sa paningin natin kay Hesus. (Hebreo 12:12). Linanging mabuti ang pagmamahal natin sa Diyos.

**Pagninilay:**

1. Nakikita mo pa rin ba ang iyong sarili na masigasig sa paglilingkod sa Panginoon?

2. Kung sa palagay mo kulang ka sa bahaging ito, paigtingin ang iyong pangako sa Kanya at hayaang puspusin at baguhin ka ng Banal na Espiritu.

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Nida A. Cruz
website: https://lordsflock.org/digests
Tags: #Pagtatalagasasarili/pangako